# MGA PAGLILINAW NG PAGPAPAHALAGA

4

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN


- Panimula
- Ito o Iyon
- Misyon sa Mars
- Maging Totoo sa Iyong Sarili
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante


## MGA LAYUNIN

Masusuri ng mga estudyante kung paano nakakaimpluwensya ang kanilang mga pagpapahalaga sa mga desisyon na kanilang gagawin.

Matutukoy ng mga estudyante ang mga tao, pag-aari, aktibidad, at mga plano sa hinaharap na kanilang pinahahalagahan.

Maipapakita ng mga estudyante kung paano nakakaimpluwensya ang kanilang mga pagpapahalaga sa mga desisyon na kanilang ginagawa.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Isang piraso ng papel para sa bawat estudyante (Bahagi II)
- Isang kopya ng activity sheet na "Misyon sa Mars" (Bahagi II)
- Isang kard ng senaryo ng dula-dulaan para sa bawat grupo ng tatlo hanggang apat na estudyante (Bahagi III)

# Panimula

3 Minuto

Mabilis na sabihin sa mga estudyante na mayroon lamang silang 30 segundo para pumili ng isang tao at isang bagay na kanilang dadalhin sa isang walang taong isla. Maaaring isipin ng mga estudyante na matutugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan, tulad ng pagkain, tubig, at tirahan.

Pagkatapos ng 30 segundo, tanungin ang mga boluntaryo kung sino at anong bagay ang kanilang pinili. Hikayatin ang mga estudyante na ipaliwanag kung bakit nila pinili ang mga partikular na tao at bagay.

Matapos sumagot ang mga boluntaryo, ipaliwanag na iba-iba ang pagpapahalaga ng bawat tao. Sabihin sa mga estudyante na ang pag-alam sa kanilang mga pinapahalagahan ay makakatulong sa kanila na gumawa ng mga desisyon at plano kung saan sila komportable.

Sabihin sa mga estudyante na ngayong araw ay maglalaan sila ng oras upang tukuyin kung ano ang kanilang pinapahalagahan.

# Bahagi I: Ito o Iyon

5 Minuto

Layunin: Susuriin ng mga estudyante kung paano nakakaimpluwensya ang kanilang mga pagpapahalaga sa mga desisyon na kanilang gagawin.

**1. Makikinig ang mga estudyante sa mga panuto.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na bibigyan sila ng isang serye ng mga pagpipilian. Depende sa kanilang pipiliin at kung saan ka tuturo, dapat silang tumayo o manatiling nakaupo.

Ipakita kung paano ito gagawin sa pamamagitan ng pagsabi, "Halimbawa, tatanungin ko kayo kung mas gusto ninyo ang X (turo pataas, ibig sabihin ay tumayo) o Y (turo pababa, ibig sabihin ay manatiling nakaupo)."

**2. Maglalaro ang mga estudyante ng laro na may kasamang mga pagpipili.**

Magsimula sa mga simpleng pagpipilian at unti-unting lumipat sa mas mahihirap, tanungin ang mga estudyante ng isang serye ng mga tanong tulad ng mga sumusunod:

- Mas gugustuhin mo bang magsuot ng mga damit na may disenyo o walang disenyo?
- Mas gugustuhin mo bang nasa entablado o nasa madla?
- Mas gugustuhin mo bang maging atleta o artista?
- Mas gugustuhin mo bang maglaan ng oras sa iyong pamilya o sa iyong mga kaibigan?
- Mas gugustuhin mo bang gawin ang isang bagay kasama ang iba o gawin ang isang bagay na mag-isa?
- Mas gugustuhin mo bang maging malusog ngunit mahirap, o may malubhang sakit pero napakayaman?

**3. Pagninilayan ng mga estudyante ang kanilang mga pinili.**

Tanungin ang mga estudyante kung sa tingin nila ay naging mas mahirap ang mga pagpipilian sa huli. Imbitahan ang mga boluntaryo na magbigay ng mga halimbawa ng mga pagpili na nahirapan silang gawin. Hikayatin silang ipaliwanag kung bakit mahirap ang mga pagpipiliang ito, at ilarawan kung paano sila nakagawa ng desisyon.

Ipunto na ang mga tao ay gumagawa ng mga desisyon araw-araw. Maraming desisyon ang madaling gawin at tila hindi mahalaga. Ngunit kung minsan ang mga desisyon ay mas mahirap, at nangangailangan ang mga ito ng higit na pag-iisip. Ipaliwanag na kung ano ang mahalaga sa atin, o kung ano ang pinahahalagahan natin, ay nakakaimpluwensya sa mga desisyon at pagpili na ginagawa natin.

Sabihin sa mga estudyante na sa kadahilanang ito, kailangang malaman ng bawat tao kung ano ang itinuturing nilang mahalaga. Ang pag-alam sa ating pinapahalagahan ay nagbibigay-daan sa atin upang gumawa ng mga desisyon at pagpipilian na kung saan tayo komportable.

# Bahagi II: Misyon sa Mars

30 Minuto

Layunin: Tutukuyin ng mga estudyante ang mga tao, pag-aari, aktibidad, at mga plano sa hinaharap na kanilang pinahahalagahan.

**1. Tutukuyin ng mga estudyante ang mga tao at bagay na mahalaga sa kanila.**

Bigyan ang bawat estudyante ng isang pirasong papel. Ipakita kung paano itiklop, itupi, at gupitin ang papel para maging 16 na parisukat. Una, tiklupin ang papel sa kalahati mula sa itaas hanggang sa ibaba, at itupi ito. Ngayon, tiklupin at tupiin ito mula sa isang gilid papunta sa isa pang gilid. Pagkatapos, tiklupin at tupiin ito muli mula sa itaas hanggang sa ibaba, at sa wakas ay mula ulit sa gilid papunta sa isa pang gilid. Buksan ang papel, at gumamit ng ruler o sa gilid ng iyong mesa upang mapunit ang mga linya na nakatupi.

Gamit ang 16 na parisukat, ang mga estudyante ay dapat magsulat ng isa o dalawang salita upang matukoy ang sumusunod:

- Tatlong paboritong aktibidad
- Limang importanteng tao sa kanilang buhay
- Tatlong tunguhin nila para sa hinaharap
- Tatlong paboritong pag-aari
- Dalawang bagay na gusto nilang magkaroon balang araw

Ang bawat tao, bagay, aktibidad, o tunguhin ay dapat na nakasulat sa hiwalay na parisukat.

Sabihin sa mga estudyante na panatilihin ang mga parisukat sa magkahiwalay na tumpok sa kanilang mga mesa, ngunit pagsamahin ang mga pag-aari sa isang tumpok. Sa madaling salita, dapat silang magkaroon ng apat na mga tumpok ng; aktibidad, tao, tunguhin, at pag-aari.

**2. Makikinig ang mga estudyante sa isang kwento ng imahinasyon at tukuyin kung sino at ano ang higit nilang pinahahalagahan.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na magbabasa ka ng kwento. Pagkatapos mong basahin ang bawat bahagi ng kwento, hihilingin sa kanila na magdesisyon. Magkakaroon sila ng 10 hanggang 15 segundo upang gawin ang desisyon. Pinal ang lahat ng desisyon. Ang mga itinapon na parisukat ay dapat na gusutin o punitin.

Basahin nang malakas ang activity sheet na "Misyon sa Mars" sa mga estudyante. Pagkatapos ng bawat bahagi, tumigil ng 10 o 15 segundo bago ipahayag na tapos na ang oras.

Pagkatapos, ituloy ang pagbabasa sa kwento.

**3. Pagninilayan ng mga estudyante ang kanilang mga desisyon.**

Hikayatin ang mga estudyante na isipin at suriin ang mga desisyong ginawa nila sa pamamagitan ng pagtatanong:

- Ano ang naramdaman ninyo sa mga desisyong ginawa ninyo? Bakit?
- Alin ang pinakamahirap na ginawa ninyo?
- Magiging mas madali ba kung ibang tao ang gumawa ng mga desisyon para sa inyo? Bakit o bakit hindi?
- May nasorpresa ba sa mga parisukat na iniwan nila sa huli? Sinasalamin ba ng mga parisukat na ito kung ano ang talagang mahalaga sa inyo?
- Kung lalaruin niyong muli ang larong ito, pipiliin niyo bang ilagay ang ibang mga parisukat sa huli? Itaas ang inyong kamay kung oo.
- Kung lalaruin niyo muli ang larong ito, babaguhin niyo ba ang ilan sa mga isinulat niyo sa inyong mga parisukat? Itaas ang inyong kamay kung oo.

Tapusin ang aktibidad na ito sa pamamagitan ng pagpapaliwanag na pinahahalagahan nating lahat ang iba't ibang tao at bagay sa iba't ibang dahilan; ang bawat tao ay namumuhay ayon sa iba't ibang personal na tuntunin. Sabihin sa mga estudyante na bagama't mahalagang igalang ang

mga pinahahalagahan at tuntunin ng iba, mahirap maging tao na gusto mong maging at respetuhin ang iyong sarili kung hindi ka namumuhay ayon sa iyong sariling mga pinapahalagahan at tuntunin.

# Bahagi III: Pagiging Totoo sa Iyong Sarili

10 Minuto

Layunin: Ipapakita ng mga estudyante kung paano nakakaimpluwensya ang kanilang mga pagpapahalaga sa mga desisyon na kanilang ginagawa.

**1. Isasadula ng mga estudyante ang mga sitwasyon sa maliliit na grupo.**

Hatiin ang klase sa grupo na may tatlo hanggang apat na estudyante. Ipaliwanag na isasadula ng bawat grupo ang sitwasyon na kinabibilangan ng panggigipit ng kapwa. Sabihin sa mga estudyante na ang bawat grupo ay dapat pumili ng isang tao na gaganap bilang pangunahing tauhan. Susubukan ng iba pang grupo na kumbinsihin ang pangunahing tauhan na gawin ang isang bagay na hindi nila gustong gawin.

Bigyan ang bawat grupo ng notecard na may isa sa mga sumusunod na senaryo:

- Mahilig maglaro ng basketball si Amy. Dalawang araw bago ang malaking laro, sinusubukan siyang kumbinsihin ng kanyang mga kaibigan na huwag nang magsanay, at sa halip manood ng sikat na bagong pelikula.
- Nagplano si Darien na lumabas kasama ang kanyang matalik na kaibigan. Gusto ng ibang mga kaibigan ni Darien na iwanan niya ang kanyang matalik na kaibigan at sumama sa kanila.
- Ang paboritong pag-aari ni Serena ay tablet na ibinigay sa kanya ng kanyang kuya. Nakaukit dito ang mga salitang “Pinakamahusay na kapatid kailanman!” Gusto ng kanyang mga kaibigan na ipagpalit niya ang tablet para makuha ang pinakabagong model.

- May pangarap si Alan na mapasama sa listahan ng mga honor. Pinapaniwala siya ng kanyang mga kaibigan na hindi mahalaga ang pag-aaral.

Sabihin sa mga estudyante na mayroon silang limang minuto upang gumawa. Maglibot sa mga grupo, habang nakikinig at nagmamasid habang isinasadula ng mga estudyante ang kanilang mga senaryo.

**2. Pagnilayan ng mga estudyante sa kanilang mga karanasan.**

Tanungin ang mga estudyanteng gumanap na pangunahing tauhan kung mahirap ba na hindi maimpluwensyahan ng kanilang mga kaklase. Habang sumasagot ang mga estudyante, tanungin sila kung mas gugustuhin ba nilang nasa kabilang panig ng dula. Imbitahan ang ibang mga estudyante na ilarawan kung ano ang pakiramdam na subukang kumbinsihin ang mga pangunahing tauhan na gawin ang bagay na ayaw nilang gawin.

Kilalanin na ang pagiging totoo sa iyong sarili ay hindi laging madaling gawin. Ipaliwanag na kapag mayroon kang malinaw na pag-unawa sa kung ano ang iyong pinahahalagahan, nagiging mas madali na maging totoo sa iyong sarili. Sabihin sa mga estudyante na ang programa na ito ay makakatulong sa kanila na matuto nang higit pa tungkol sa kanilang mga pinahahalagahan at kanilang mga layunin, at magbibigay sa kanila ng kasanayan na maging totoo sa kanilang sarili.

# Konklusyon

2 Minuto

Hilingin sa mga estudyante na ibigay ang kahulugan ng salitang “pagpapahalaga.” Ipalarawan sa kanila kung paano nakakaapekto ang kanilang mga pinahahalagahan sa paraan ng pagpili nila sa kanilang pamumuhay. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Ang mga bagay na pinahahalagahan mo ay nakakaimpluwensya sa lahat ng iyong ginagawa.
- Magpasya kung ano ang iyong pinahahalagahan, at gumawa ng mga pagpipilian at desisyon batay doon.
- Maging magalang sa kung ano ang pinahahalagahan ng iba, ngunit palaging gumawa ng iyong sariling mga pagpipilian.
- Maaaring mahirap ang iyong mga desisyon, ngunit kung mananatili kang tapat sa iyong sarili at kung ano ang iyong pinahahalagahan, magiging maganda ang pakiramdam mo sa anumang desisyon mo.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Bigyang-kahulugan ang “personal na pagpapahalaga.”
2. Bakit nagdedesisyon ang isang tao na labag sa kung ano ang kanilang pinahahalagahan? Anong mga problema ang maaaring idulot nito?
3. Ilarawan ang desisyong ginawa mo sa iyong buhay, at ipaliwanag kung paano nauugnay ang desisyong ito sa iyong mga personal na pagpapahalaga.

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Ang pinakamahahalagang bagay sa buhay ay hindi mga bagay.”

Tanungin ang mga mag-aaral kung sumasang-ayon sila o hindi sa sipi na ito. Bilang isang klase, talakayin kung paanong ang pagpapahalaga lamang sa mga materyal na bagay ay humahantong sa malungkot na buhay.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubilinan ang mga estudyante na magdala ng isang bagay na mahalaga sa kanila. Hikayatin silang mag-isip tungkol sa mga bagay na nagpapakita ng isang bagay tungkol sa kanilang sarili. Tagubilinan ang mga estudyante na ipaliwanag ang kahalagahan ng kanilang mga bagay sa maliliit na grupo. Bilang isang buong klase, ikategorya ang mga bagay na pinahahalagahan ng mga estudyante (hal., mga pag-aari, mga relasyon sa pamilya).

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Tagubilinan ang mga estudyante na magsulat ng liham sa isang taong pinahahalagahan nila (hal., kaibigan, miyembro ng pamilya, kilalang tao), na sinasabi sa taong ito kung gaano sila kahalaga sa kanila. Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin kung bakit mahalaga sa kanila ang mga taong ito.

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Tagubilinan ang mga estudyante na gumamit ng internet upang hanapin ang mga pahayag ng misyon ng ilang mga korporasyon at organisasyon. Maaaring magtalaga ka ng ilang pamilyar (hal., Girl Scouts, McDonald's, ang NBA). Tagubilinan ang mga estudyante na pag-aralan ang iba't ibang mga pahayag ng misyon at bumuo ng listahan ng mga pinapahalagahan ng kumpanya. Anong mga pagkakatulad ang natagpuan? Nananatili bang tapat ang lahat ng kumpanya sa kanilang mga pahayag sa misyon?

# TAKDANG-ARALIN

Ipamahagi ang activity sheet na “Misyon sa Mars” at tagubilinan ang mga estudyante na muling maglaro, isang beses kasama ang kapareha at isang beses kasama ang taong wala sa klase. Ipabahagi sa mga estudyante ng kanilang mga obserbasyon sa klase. Nagbago ba ang mga resulta sa pangalawang pagkakataon? Paano inihambing ang mga sagot ng kanilang mga kaibigan at kapamilya sa kanilang sarili? Nasorpresa ba sila sa anumang naobserbahan nila?

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Tagubilinan ang mga estudyante na basahin ang “Raymond’s Run,” maikling kwento ni Toni Cade Bambara na nai-print sa *America Street: A Multicultural Anthology of Stories*. Ipatalakay sa mga estudyante ang mga pinapahalagahan ni Hazel. Paano maihahambing ang kanyang mga pinapahalagahan sa kanilang sarili?